

Syphilis

Ang syphilis ay isang bacterial na STI at naipapasa sa pamamagitan ng pagkikiskis ng mga balat.

MGA MABILISANG KAALAMAN

- Naipapasa ang Syphilis sa pamamagitan ng direktang ugnayan kapag nagsasagawa ng oral, vaginal o anal na pakikipagtalik sa isang taong may syphilis
- Magkakaiba ang mga sintomas batay sa yugto ng impeksyon; maaaring walang anumang sintomas
- Ang pagsusuri ay karaniwang sa pamamagitan ng swab mula sa sugat sa balat at sa pamamagitan ng mga pagsusuri sa balat
- Nalulunasang ito, ngunit kapag hindi ipinagamot ay maaaring magdulot ng mga malalang problema sa utak, puso at mga mata
- Ginagamot ang syphilis gamit ang mga antibiotic

Ano ito? (What is this?)

Isang pangkaraniwang bacterial na impeksyong naisasalin sa pakikipagtalik ang syphilis.

Paano ka magkakaroon nito? (How do you get it?)

Naipapasa ang syphilis sa pamamagitan ng direktang ugnayan kapag nagsasagawa ng pakikipagtalik gamit ang bibig, ari o puwet sa isang taong may syphilis.

Labis itong nakakahawa kapag mayroong mga sugat o pantal.

Naisasalin ang syphilis mula sa nanay (o buntis) tungo sa sanggol kapag nagbubuntis.

Ano ang mga sintomas? (What are the symptoms?)

Hindi lahat ng taong may syphilis ay may mga sintomas, kaya maaaring hindi mo alam na mayroon ka niyo maliban kung nagpasuri ka ng dugo.

May apat na yugto ang impeksyon na syphilis. Magkakaiba ang mga sintomas depende sa yugto ng impeksyon. Maaaring makahawa sa kanilang mga sekswal na kapareha ang mga taong may una, ikalawa at maagang yugto ng nakatagong syphilis.

Unang yugto ng syphilis

- Isang matigas, hindi masakit na singaw (sugat) ang lalabas, na karaniwang sa ari. Maaari ding lumabas ang ganitong sugat sa iba pang bahagi ng pakikipagtalik, tulad ng bibig, cervix o puwet.
- Maaaring hindi mo napapansin ang singaw, dahil karaniwang itong hindi masakit at maaaring lumabas sa mga nakatagong bahagi ng katawan.
- Karaniwang lumalabas ang mga singaw sa loob ng 3 - 4 na linggo pagkatapos maimpeksyon, ngunit maaaring mas tumagal pa, na magpapahirap na malaman kung kailan ka nagkaroon ng impeksyon na syphilis.
- Karaniwang kusang gumagaling ang singaw sa loob ng 4 na linggo. Kahit pa gumaling ang singaw, kung hindi ka nagpagamot, mayroon ka pa ring syphilis at maipapasa ito sa iba.
- Maaaring magdulot ng *ikalawang yugto ng syphilis* kapag hindi ipinagamot na unang yugto ng syphilis.

Ikalawang yugto ng syphilis

- Maaaring lumabas ang mga sintomas 2 - 4 na buwan pagkatapos ng unang impeksyon sa syphilis at tumatagal nang ilang linggo.
- Maaaring magkaroon ng pantal sa balat sa likod, dibdib, mga kamay at paa.
- Habang mayroong pantal, labis na nakakahawa ang syphilis.
- Kabilang sa iba pang sintomas ang lagnat, pamamaga ng mga gland sa singit at kilikili, pamamantal ng ari, pagkalagas ng buhok at pagkapagod.
- Kung hindi ipinagamot ang syphilis sa una at ikalawang yugto, ito ay magiging *latent syphilis*.

Latent syphilis

- Sa yugtong ito, walang sintomas at matutukoy lamang ang syphilis sa pamamagitan ng pagsusuri sa dugo.
- Karaniwang walang problema kung natukoy ang syphilis at nagamot nang maaga sa latent na yugto.
- Nakakahawa ang latent syphilis sa loob ng unang 12-24 na buwan, kung saan nagiging hindi na ito nakakahawa pagkatapos.
- Kung mayroon kang latent syphilis, maaaring kailangan mo ng mga karagdagang pagsusuri, pagsusuri ng espesyalista at mas matagal na paggagamot.
- Halos isang-katlo ng mga tao na may hindi ipinagamot na latent syphilis ang nagkakaroon ng *ikatlong yugto ng syphilis*.

Ikatlong yugto ng syphilis

- Maaaring magdulot ang ikatlong yugto ng syphilis ng mga malalang problema sa kalusugan, lalo na sa utak at puso.
- Hindi na nakakahawa ang syphilis sa puntong ito at maaari pa ring magamot.

Paano ka masusuri para dito? (How do you test for it?)

Maaaring imungkahi ng iyong doktor ang pagpapasuri para sa syphilis batay sa hitsura ng sugat sa ari o pantal sa katawan.

Maaari siyang magsagawa ng pagsusuri ng swab mula sa mga sugat at pantal para matukoy ang DNA ng syphilis (genetikong materyal). Ipag-uutos din niya ang pagsasagawa ng mga pagsusuri sa dugo. Sinusukat ng mga pagsusuri sa dugo ang mga antibody - ang tugon ng iyong katawan sa impeksyon. Maaari tumagal nang 3 buwan ang pagbuo ng mga antibody, kaya maaaring maging negatibo ang mga pagsusuri sa mga unang buwan.

Hinahanap ng isang pagsusuri sa antibody ang impeksyon na syphilis at ang isa pa ay naghahanap ng aktibidad ng impeksyon. Ginagamit din ang mga pagsusuri sa dugo para bantayan ang tugon ng iyong katawan sa gamutan at maaaring makatulong na tukuyin kung gaano katagal ka nang mayroon ng ganitong impeksyon.

Kung buntis ka, kailangang maisagawa ang pagsusuri sa dugo para matingnan kung may syphilis ka. Mahalagang maisagawa ang ganitong pagsusuri sa dugo para matiyak na magagamot ka kung mayroon kang syphilis at hindi ipapasa ang syphilis sa iyong sanggol o magdulot ng mga komplikasyon sa iyong pagbubuntis.

Paano ito ginagamot? (How is it treated?)

Ginagamot ang syphilis gamit ang penicillin. Kung may allegry ka sa penicillin, mayroong mga alternatibong gamutan.

Bagama't diretso ang gamutan, mahalaga na muling magpasuri ng dugo para tingnan kung gumana ang gamutan. Maaaring irekomenda ang mga sumunod na pagsusuri sa dugo sa 3, 6, at 12 buwan pagkatapos ng paggagamot.

Pagkatapos ng paggagamot gamit ang penicillin, nagkakaroon ng mala-trangkasong sakit sa loob ng 24 na oras ang ilang tao (allao na iyong nasa maagang yugto ng syphilis). Kabilang dito ang lagnat, pananakit at pagkirot at pagsama ng pakiramdam. Mawawala ang mga sintomas na ito at hindi nangangailangan ng anumang tiyak na gamutan, maliban sa matagal na pagpapahinga at pag-inom ng maraming tubig.

Hindi ka dapat makipagtalik hanggang mawala ang iyong pantal o sugat at hindi bababa sa isang linggo pagkatapos ng paggagamot.

Mayroon ba itong anumang komplikasyon kapag hindi nagamot? (Are there any complications if not treated?)

Kapag hindi ipinagamot, nagkakaroon ang ilang tao ng ikatlong yugto ng syphilis. Maaari itong pangyari mula 10 hanggang 30 taon pagkatapos ng unang pagkakaroon ng impeksyon.

Maaaring magdulot ang ikatlong yugto ng syphilis ng mga malalang problema sa kalusugan, lalo na sa utak at puso.

Ang pagkakaroon ng syphilis habang nagbubuntis ay maaaring magdulot ng problema sa iyong sanggol, tulad ng pagkalaglag, premature na panganganak, stillbirth at pagkamatay pagkatapos ipanganak.

Paano ko poprotektahan ang aking sarili? (How can I protect myself?)

Labis na pinabababa ng paggamit ng mga condom o dam habang nakikipagtalik ang panganib na magkaroon ng syphilis.

Kung buntis ka, tiyakin na makapagpasuri ka ng dugo para sa syphilis sa iyong unang trimester.

Ipaalam sa kanila (Let them know)

Kapag nasuri kang may STI na tulad nito, kailangang masuri ng doktor ang lahat ng iyong naging sekswal na kapareha sa nakaraang ilang buwan.

Napakahalaga na masuri ang lahat ng iyong sekswal na kapareha (regular at kaswal) dahil maaaring magdulot ng malalalang problema kung hindi magagamot ang mga STI.

Kung nahihirapan kang sabihin sa iyong mga kapareha, puwede mong gamitin ang Ipaalam sa Kanila (letthemknow.org.au) para sa mga halimbawang pag-uusap, email, text message at mga sulat na puwede mong ipadala sa iyong mga kapareha nang personal o nang hindi nakikilala.

Saan ako makakakuha ng tulong? (Where can I get help?)

- Bumisita sa isang serbisyo sa sekswal na kalusugan na malapit sa iyo
- Bumisita sa iyong lokal na doktor
- Bumisita sa lokal na sentrong pangkalusugan sa iyong komunidad

Maghanap ng mga serbisyo sa sekswal na kalusugan sa **StaySTIFree** (staystifree.org.au)

PAGTANGGI (DISCLAIMER)

Ibinibigay ng fact sheet na ito ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa sekswal na kalusugan at hindi inilaan para palitan ang pangangailangang kumonsulta sa iyong doktor.

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa iyong kalusugan, dapat kang humingi ng payo sa iyong doktor.

Kung kailangan mo ng kagyat na pangangalaga, dapat kang pumunta sa pinakamalapit na Kagawaran sa Emerhensiya o tumawag sa 000.